



This is a digital copy of a book that was preserved for generations on library shelves before it was carefully scanned by Google as part of a project to make the world's books discoverable online.

It has survived long enough for the copyright to expire and the book to enter the public domain. A public domain book is one that was never subject to copyright or whose legal copyright term has expired. Whether a book is in the public domain may vary country to country. Public domain books are our gateways to the past, representing a wealth of history, culture and knowledge that's often difficult to discover.

Marks, notations and other marginalia present in the original volume will appear in this file - a reminder of this book's long journey from the publisher to a library and finally to you.

Usage guidelines

Google is proud to partner with libraries to digitize public domain materials and make them widely accessible. Public domain books belong to the public and we are merely their custodians. Nevertheless, this work is expensive, so in order to keep providing this resource, we have taken steps to prevent abuse by commercial parties, including placing technical restrictions on automated querying.

We also ask that you:

- + *Make non-commercial use of the files* We designed Google Book Search for use by individuals, and we request that you use these files for personal, non-commercial purposes.
- + *Refrain from automated querying* Do not send automated queries of any sort to Google's system: If you are conducting research on machine translation, optical character recognition or other areas where access to a large amount of text is helpful, please contact us. We encourage the use of public domain materials for these purposes and may be able to help.
- + *Maintain attribution* The Google "watermark" you see on each file is essential for informing people about this project and helping them find additional materials through Google Book Search. Please do not remove it.
- + *Keep it legal* Whatever your use, remember that you are responsible for ensuring that what you are doing is legal. Do not assume that just because we believe a book is in the public domain for users in the United States, that the work is also in the public domain for users in other countries. Whether a book is still in copyright varies from country to country, and we can't offer guidance on whether any specific use of any specific book is allowed. Please do not assume that a book's appearance in Google Book Search means it can be used in any manner anywhere in the world. Copyright infringement liability can be quite severe.

About Google Book Search

Google's mission is to organize the world's information and to make it universally accessible and useful. Google Book Search helps readers discover the world's books while helping authors and publishers reach new audiences. You can search through the full text of this book on the web at <http://books.google.com/>



10

NOVENA
Ó PAGSISIAM SA
NUESTRA SEÑORA DE GUÍA,
NA QUINATHA NANG

P. D. I. I. T.



May lubos na capahintulutan

MANILA
—
IMPRESA DEL COLEGIO DE SANTO TOMAS
1897

NOVENA
Ó PAGSISIAM

SA

NUESTRA SEÑORA DE GUIA,

NA QUINATHA

NANG

P. D. I. I. C.



May lubos na capahintulutan

MANILA

IMPRENTA DEL COLEGIO DE STO. TOMAS

1897

Es propiedad del autor



MAICLING PAUNAU

TUNGCOL SA CAHIMA-HIMALA AT CAGALANG-GALANG
NA LARAUAN NANG NTRA. SRA. DE GUIA NA
SINASAMBA SA SAGRARIO NANG SANTA IGLESIA CA-
Tedral SA MAYNILA.

Isang libo at limang daang taon na ang naca-
raraan mulâ nang si Jesucristong ating Ma-
nunubos ay magsabog sa ibabao nang lupa nang
caaya-ayang sinag nang caniyang mahal na aral,
ang sangcapuluang ito, na tinatauag na Filipinas,
ay hindi pa tumatangap nang aral nang Santo
Evangelio at nalulugami pa at nababalot nang
macapal na dilim nang mangâ maling aral at ca-
ugaliang masasamâ nang mangâ di binyagan. Ano-
pa,t, mauuicâ natin na ang sangcapuluang ito ay
parang mangâ ilang dacot na lupa na nalilibot
nang tubig at lumulutang sa guitnâ nang dagat
nang capahamagan, mangâ tauong cahabaghabag
na ualang dinidios cundi ang demonio, ualang
quiniquilalang catuiran cundi ang canilang ma-
ibigan, ualang nalalamang paquiquipag capuâ tauo
cundi ang mag-aauay at magpatayan at manilâ

yaring di maguing devoto ni María; at dahil sa devociong ito ay naniclohod siya sa harap nang mahal na Larauan at ipinaquisama niya ang caniyang pagsamba sa pagsambang guinagaua niyong mabubuting tagalog sa Calinislinsang Virgen, sa isang paraan na mali pa marahil.

Nabantog agad agad itong cahimahimalang pagcaquita sa Larauan nang Ina nang Dios at nang pag-uisain ang pinangalingan nitong mahal na Larauan, ay napagtantô sa tapat na pananaysay nang mangâ tagalog, na ang «Larauang ito, i, malaon nang panahon na canilang sinasamba at naguisnan na nila sa canilang mangâ magulang; at sa catandaan nang Larauang ito ay ualâ silang masabi, cundi ang sinasalitâ nang matatandâ na cailan ma,t, acalain ang paglilipat nang Larauang ito sa ibang lugar na canilang minamagaling, ay nagbabalic sa dati agad agad, cayâ nang maquita nila na hindi mangyari ang canilang inaacalâ, ay nilagyan na lamang nila nang bubong ang pandan na quinalalaguian nang hindi ulani,t, arauin; at sa anomang cailangan nila, ay dito sila nagsasacdal, at sila nama,i, laguing nacararanas nang mangâ himala,t, cababalaghan» (1).

Hindi cailangan ang ating pagpilitan siyasatin ang di mahacang pinangalingan nang Larauang ito na inilihim nang Dios hangan ngayon sa cagalingan nang ating caloloua; ang masasabi nating tunay na tunay ay siya sa Filipinas, ang magandang liuay-uay na nagbalitâ na malapit nang sumilang sa caniya ang Arao nang cabanalan, si Jesús baga; at siya rin naman ang Patnugot

(1) Fr. Juan de la Concepción en su historia de Filipinas, tom. I. part. II. Cap. IV. citado por el P. Santa Ana en su novena castellana.

na caloob nang Dios na pumatnubay at naghatid sa Filipinas sa mangá castilá, na pinagca-tiualaan nang Dios na gumanap nang mangá panucalà nang caniyang cabutihán at auang ualang hangan, na dili iba cundi ang maquilala nang mangá taga rito sa Filipinas ang totoong Religióñ sa pamamaguitan nang Casantosantosang Virgen.

Ang mahal na Larauang ito ay inilagac muna sa una at caisaisang Simbahan na natatayô rito nang panahong yaon na ang pamagat ay «De la Inmaculada Concepción» at saca nagtayô nang isang bató sa lugar na pinagcaquitaan, at doon inilagay ang nasabing Larauan, na nilaguian nang caligaligayang pamagat na Nuestra Señora de Guía.

Ang devocióñ sa mahal na Larauang ito ay nanguna sa paguiguing cristiano nang taga rito, na para nang pangunguna sa pagsicat nang arao nang talà sa umaga, at nang maguing binyagan na ang mangá taga rito, ay nabodô ang canilang devocióñ sa naturang Larauan, dahil sa mangá hayág at di mabilang na himalá na ipinaquita nang Dios sa pamamaguitan nang Casantosantosang Virgen María na nagtatangquilic sa Filipinas.

Sa pagdiriuang na guinagauâ sa taon taon sa mahal na Larauang ito, ay itinadhanâ ang arao na icalabing ualó nang buan nang Diciembre, at nangacò ang dalauang Cabildo Ecclesiástico at Secular dito sa Maynilá, na sa taon tao, i, gagauin nila ang nasabing pagdiriuang. Ang fiestang ito ay guinagauâ pa hangang ngayon at ipinapatenteng tatlong arao ang Santísimo Sacramento sa Sagrario nang Santa Iglesia Catedral.

Ang simbahang itinayô sa lugar na pinagcaquitaan sa Larauang ito na doo, i, nanatiling

culang lamang na dalauang daan taon ay nasirâ sa lindol na malacas nang unang arao nang buan nang Febrero nang taong isang libo pitong daan at pitong puo,t, isa (1771) at sa dahilang ito at upan namang maingatang magaling itong mahalagang sanlâ nang auâ nang Dios at ni Maria sa mangâ taga rito sa Filipinas, ay inilipat sa Capilla nang Sagrario nang nasabing Cathedral, na doon iniingatang hangan ngayon, bagama,t, nililimot nang marami na di dapat lumimot sa caniya cailan pa man.

Loobin nauâ nang Dios na itong munting paunauâ tungcol sa cahalachalac na Larauan nang Nuestra Señora de Guía at sampon nang novena na inihahandog co ngayon sa mangâ taga rito sa Filipinas, ay maguing daang icaala-ala nang mangâ taga rito sa caaya-aya at cagalanggalang na Larauan nang Nuestra Señora de Guía, at sa mangâ tanging biyayâ na ipinagcaloob nang daquilang Ina nang Dios dito sa bayang pinagpalâ niya nang mahiguit sa iba, upanding sa ganitong paraan ay sila,i, magsipagsadiyang parati at dumalao dito sa mahal na Larauan at maghandog sa calinislinaang Virgen nang pag-samba,t, pag-ibig at cumilala touina sa mangâ biyayang ipinagcaloob sa mangâ taga rito nang caniyang masintahing pusò; at maguing dapat sa paraang ito na sila,i, amponing parati nitong Inang mapagtangquilic. Siya nauâ.

PARAAN NANG PAG-GAUA

NANG NOVENA.

Ang tanda nang Santa Cruz...

Panginoon cong Jesucristo Dios na totoo at tauo namang totoo, gumaua, t, sumacop sa aquin, pinagsisisihan cong masaquit sa boong loob co ang lahat nang casalanang guinauâ co sa iyo, at nagtiticà acong matibay na di na moling magcasala cailan man sa tulong nang iyong mahal na gracia; at inaasahan cong lubos na aco, i, patatauarin mo, pacundangãan sa auâ mong ualang hangan at sa mangã carapatan nang iyong mahal na pasión at pagcamatay sa cruz dahilan sa aquin. Siya nauâ.

PANALANGIN SA ARAO ARAO.

¡Oh daquilang Señora, calinislinisan sa lahat nang mangã Virgenes,

at na una sa lahat na nangacò sa Dios na mag-iingat nang calinisan: cabanalbanalan sa tanáng quinapal, sapageca,t, ipinaglihí ca na dí nagmana nang casalanang original, at bucód pinagpalà sa babaying lahat, sapagecat icao lamang ang naging dapat na maguing Ina nang Dios; aco,i, bagama,t, abáng macasalanan, ay aco,i, nangangahas na bumati sa iyo nang boong galang mulâ rito sa bayang cahapishapis, at nagpupuri sa iyo pacundangán sa mangá bucód at tanging biyayà na ipinagcaloob sa iyo nang Dios. Cun ang boong mundo,i, tumatauag sa iyo na mapag-ampon, at cumiquilala na icao ang canilang Patnugot, ang Li-uay-uay at bahagharì nang capayapaan, sapageca,t, ibinigay mo sa canila si Jesús; caming mangá taga rito sa Filipinas ay lalong may-catourang macatauag sa iyo na Patnugot at Li-uay-uay nang aming magandang palad, sapageca,t, nang ang sangcapuluang ito ay nalolocloc pa sa cadiliman at lilim nang camatayan, çsino

cundî icao joh Patnugot na bigay nang langit! ang pumatnubay sa mangã lupaing ito sa mangã Ministro nang Dios, at mangã campong tapat na loob nang tantóng banal at catolicong Hari sa España na si Felipe II, nang cami,i, liuanagan nang caaya-ayang ilao nang totoong religion? ¿sino cundî icao ang pumatnubay at nagpaamò sa mabangis na asal nang mangã unang nanahán dito sa Filipinas, nang sila,i, dagling mag-sisunod sa aral nang Santo Evangelio at sa mangã cautusan nang mangã Castilà na na-aayon sa aral ni Jesucristo? ¿sino cundî icao ang parang maningning na liuay-uay na nagbalità sa amin mulâ sa itaas nang isang pandan sa pamamaguitan nang iyong mahal na larauan sa maalindog na Arao na nanaog sa langit, cay Jesús бага, na buhat ñoo,i, nagpasi-mulâ na nang pagsicat sa amin ang caniyang mahal na religion, na religion nang capayapaan, sa pamamaguitan nang iyong macapangyarihang pag-aampon? Tangapin mo pô Inang masin-

tahin ang aming abang pagpupuri sa iyo, cahi,t, cami,i, mangã macasalanã at nagnanasã na caming maninta,t, maglingcod sa iyo, sapagcaat icaõ ang aming Ina, Pintacasi at Patnugot sa aming pag-lalacbay sa caloualhatian sa langit. Siya nauã.

PAUNAU. — Casunód ang pagninilay na nauucol sa baua,t, isang arao nang pagnonovena at ang panalangin.

UNANG ARAO.

PAGNINILAY. — Magmulã na nang ipaglihí ni Guinoong Santa María sa caniyang calinislinisang tiyan ang Verbo nang Dios, ay niyarì na niya sa caniyang loob na caniyang aamponin at ipagtatanquile ang mangã tauo na tutubsin nang caniyang mahal na Anac. Ang unang nacaranas nang matamis na bungã nang pagtatanquile ni María ay si San Juan Bautista, nang dumalao cay Santa Isabel ang Ina nang Dios; sapagca,t,

siya, i, tumangap nang gracia at nalinis ang caniyang caloloua sa dungis nang casalanang original. Catulad nang pagdalao na ito cay Santa Isabel ang guinauâ ni María sa mangã taga rito sa Filipinas. Mulâ na nang paquita ang larauan ni María sa itaas nang isang pandan, ang mangã taga rito sa Filipinas ay nagpasimulâ na nang pagtanggap nang liuanag nang tunay na pananampalataya at nang graciang ipinaguiguing dapat sa calalhatian sa langit.

PANALANGIN.

Purihin ca,t, ipagbunying parati, Virgeng Ina nang Dios, sapagcat sa iyo cautangan nang mundo ang caniyang pagcapacagaling; purihin carin naman at ipagbantog nang mangã taga rito sa Filipinas, sapagcat icao ang pumatnugot sa mangã ministro ni Jesucristo na nagdalá sa mangã lupaing ito nang liuanag nang Santo Evangelio; cayâ sa iyo cautangan nang mangã taga rito ang

canilang pagcaquilala sa totoong religion at ang canilang paguiguig binyagan: ito,i, quiniquilala namin at pinasasalamatan sa iyo nang ualang hangang pagpapasalamat. Ipatuloy mo pô, Inang masintahin ang sa ami,i, pagcocopcop, upanding masunod naming parati ang calooban nang Dios, at cami ay patnubayan mo at ihatid sa caloalhatian sa langit. Siya nauâ.

ICALAUANG ARAO.

PAGNINILAY.—Nang ipanganac ni Guinoong Santa María sa Belen ang Niño Jesús, na sinamba caracaraca nang mangã angeles sa langit, ay hindi lamang hindi niya ipinagcait na maquita nang mangã tauo na nagsidalao at sumamba sa caniya, cundi bagcus nangang ito,i, iquinaligaya nang caniyang pusò; sapagcat na-tutupad ang caniyang nasà na maquilala nang mangã tauo ang totoong Dios. Mapagcucuro naman natin na

sapagcat naquiquita ni María na ang ibang mangã bayan sa mundo ay liniliuanagan nang ilao nang tootong pananampalataya at naquiquinabang na sa mahalagang dugô ni Jesucristo; nguni,t, ang sangcapu-
 luang ito ay nababalot pa nang cadiliman dahil sa caualan nang totoong pananampalataya, ay tiningnan niya nang caniyang mangã matang maa-
 uain ang mangã taga rito, at siya rin ang nagdalá sa mangã lupaing ito sa pamamaguitan nang caniyang mahal na larauan nang mangã unang liuanag nang tunay na pananampalataya, gaya nang pagdadalá nang liuay-uay na bagong namumucá sa mangã unang liuanag nang arao.

PANALANĜIN.

Purihin ca,t, ipagbunyi, Inang lubhang maauain, sapagcat pinagdali-
 taan mong tangapin ang pamimintuhô at pagsamba nang abang mangã pastores sa Belen sa Anac mong sangol, na sinasambá nang mangã

ángeles sa langit. Ipagbunyi rin naman touina ang daquilang pagsinta mo sa amin, sapagcat inibig mo na ang mahal mong Anac na naquiquilala na at sinasamba sa mangã bayang malalaquí sa mundo, ay maquilala naman at sambahin nang mangã abang taga rito sa Filipinas; at sa tanging pagsinta mo sa mangã taga rito, ay icao rin ang nagpaquilala sa canila sa iyong mahal na Anac, sa pamamaguitan nang iyong larauan na parang bahagharì na nagbalità sa canila nang pasimulâ nang canilang magandang capalaran. Tangapin mo pô oh Inang mauuain! ang aming mangã pusò, tãndà nang aming pagsinta at pagquilala nang aming mangã cautangan sa iyo, at ipatuloy mo pô ang iyong pagpapalà sa amin. ¡Oh mahabaguing Ina! Cami,i, patnugutan mo,t, amponin hangang sa maquita ca nami,t, macasama sa calalhatian sa langit. Siya nauâ.

ICATLONG ARAO.

PAGNINILAY. — Pagparito na sa mundo ni Jesús, ay ipinaquilala na nang Dios na ang mangã tauong lahat ay tinatauag sa totoong panampalataya at inaanyayahan sa pagtatamó nang calualhatian sa langit. Ito ang cahulugan nang pagtauag nang Dios sa mangã Haring Mago. Sa pamamaguitan nang isang bituin na tantong maningning ay sila,i, ipinatnugot nang Dios sa Belen nang maquilala nila,t, sambahin ang Dios na nagcatauan tauo. Ang mangã Haring ito,i, tinangap na magaling nang Casantosantosang Virgen, at ipinaquita sa canila ang Sangol na si Jesús. Sa mangã taga rito sa Filipinas ay ipinaquilala naman ni María ang caniyang Anac na si Jesús, sa pamamaguitan nang caniyang cagalang-galang na larauan, na, maningning pa sa bituin na pumatnugot sa mangã Haring Mago, ay napaquita

sa itaas nang isang pandan, upang maipaquilala niya sa atin ang totoong Dios.

PANALANGIN.

¡Oh bituing marilag! na sumilang sa mundo nang iyong liuanagan at patnugutan ang mangã tauo sa daang patungo sa langit, purihin ca,t, ipagbunyî magpasa-ualang hangan; at ang sangcapuluang ito lalong-lalò na ay magpuri,t, magpasalamat sa iyo touina, sa pagca,t, icao sa canila ay naging tunay na Bituing marilag na sumilang, nang paquita ang iyong larauan sa isang pandan, upanding mapauì ang cadilimang sa canila,i, nacababalot; at maipatnugot mo sila sa totoong landas na patungo sa langit at maipaquilala mo sa canila ang catotohanang ualang pagcacabulà at ang totoong cabuhayan na dili iba cundi ang casantosantos mong Anac. Tangapin mo pô, maauaing Ina, ang pagpupuri namin sa iyo at pagpapasalamat sa mangã

biyayà mo sa amin. Patnugutan mo pô cami, maningning na Bituin, sa aming paglalacád sa mundong ibabao, pauin mo pô ang aming mangá cadilimán, lipulin mo ang aming mangá Vicio; at yamang sa pamamaguitan mo ay cam,i, napasoc sa daan nang totoong capalaran, ang capalarang ito,i, sa pamamaguitan mo rin inaasahan naming camtan. Siya nauâ.

ICAAPAT NA ARAO.

PAGNINILAY.—Tantong daquilà at caguilaguilalás ang cababaan nang loob na ipinaquita ni María nang siya,i, humaráp sa Templo nang Jerusalém, na dalá niya ang Sangol na si Jesús at casama niya ang caniyang malinis na Esposo na si San José, sa pagsunod sa isang cautusan na dahil sa caniyang totoong uagás na calinisan ay dí niya catungculang tupdin. Subalit tinupad din niya sa pag-

bibigay niya sa atin nang magandang halimbauà at pagtuturò niya sa atin nang cababaan nang loob at pagsunod sa mangã caotusan na dapat nating sundin. Sa bagay na ito,i, dî natin sucat pagtae-han cun si Maria,i, paquita sa atin sa caniyang mahal na larauan sa itaas nang isang pandan baga ma,t, siya,i, Reyna sa langit at lupà, nang matantô natin na tayo,i, cahima,t, mangã tauong macasalanan ay tayo,i, mangyayaring humarap sa Dios at tumangap nang mangã biyayà nang caniyang gracia, cun tayo,i, nagsisisi at nagpapacababà.

PANALANĜIN.

¡Oh maloningning na Reyna sa langit at lupà! sintahin ca,t, purihin nang lahat nang tauo, sapagcat icao ay Maestra at Ina nang lahat; at purihin ca nang tanging pagpupuri at sintahin ca nang tanging pagsinta nang mangã taga rito sa Filipinas, sapagca,t, sa pagnanais mo na sila,i,

maninta sa iyo ay inilihim mo ang daquilà mong camahalan sa caliitan nang iyong larauan, upanding sa paraang ito,i, sila,i, maninta sa iyo, at cun sintahin ca nila ay canilang matuclasán sa iyo ang mahalagang hiyas nang gracia nang Dios: Ipatuloy mo pô, Inang masintahin, ang iyong pagcocopcop sa amin; ipanalanġin mo pô cami sa iyong mahal na Anac, nang cami,i, casihan niya nang cababaan nang loob at nang nasang tumulad na parati sa magagandang halimbauang ibinigay mo sa amin, nang sa ganitong paraa,i, cami ay magtamó nang capalarang ualang hangan sa langit. Siya nauâ.

ICALIMANG ARAO.

PAGNINILAY.—Sa pagtatagò cay Herodes ay napilitan ang Ina nang Dios na patunġo sa Egipto, casama ang caniyang malinis na Esposo at dalá nila doon ang Sangol na si Je-

sús ¡Laquing hapis at dusa nang caniyang pusò! Gayon ma,i, dirin niya linimot ang pag-gauâ nang magaling sa mangã cahabaghabag na taga roon, sapagca,t, sinasalitâ sa casulatan na pagpasoc nila sa Ciudad nang Heliópolis, ay nangahulog sa mangã aktar ang mangã ídolo na canilang sinasamba at naaaquit ang canilang mangã loob sa pag-gauâ, nang magaling, sa pagmamalas nila sa mangã banal na asal nang Sagrada Familia. Ganito rin naman ang mapagcucurò natin na nangyari marahil sa Filipinas sapol nang dito,i, paquita ang mahal na larauan nang Ina nang Dios. Ang ugaling talagang maamò nang mangã taga rito, ang canilang pagcamatatacotin at ang cagaanan nang canilang loob sa paquiquinig at pagsunod sa anomang sabihin sa canilá, ay bunãa marahil nang caguilaguilalas na pagcaparito nang larauan nang Ina nang Dios na naquita sa itaas nang isang pandan.

PANALANĜIN.

¡Oh Virgeng Ina nang Dios! ang pag-ibig mo sa lahat nang tauo ay talastas nang mundo, at di caila canino man ang mangã cagalingang guinawã mo sa lahat; cayã purihin ca,t, ipagbunyi magparating man saan. At gaano ang cautangãan sa iyo nanging mangã taga rito sa Filipinas, dahilan sa pagcacaloob mo sa amin nang isa mong larauan na tantong cahanããhanãã, at di matantõ cun saan nangaling! ¡Gaanong biyayã ang ipinagcaloob mo sa amin sa pamamaguitan nang laruang ito na lubhang catacãtacã! Ang mangã taga ritong sadiyang mababanãis, ay pinaamõ nang iyong mahal na larauan, at siyang pumatnugot sa canila sa daang matouid. Pinatnugutan mo rin naman sa mangã lupang ito. ang may mangã loob sa Dios na mangã castilã, nang silã ang gumanap nang mangã panucalã mo na pauang icapapagaling nang mangã taga rito. Ang caguinhaua-

han sa lahat nang bagay, ang pagcatuto nang sari-saring carunungan at iba pang mang'a cagalingan sa cataua,t, caloloua na aming quinamtan at lalong-lalò na ang pagcapasoc sa Santa Iglesia Católica, mulâ na nang cami,i, masacupan nang Hari sa España, ay pauang cautangan nanging lahat sa iyo, oh Inang caibig-ibig. ¡Ay Ina! huag mo pong pabayaan itong gauâ nang iyong camay. Tapusin mo po,t, yariin ang iyong pinasimulan. Huag mo pong ipahintulot na maualâ cailan man sa Filipinas ang totoong pananampalataya. Lumagui pô, Ina, lumaguì dito sa Filipinas ang Religión nang iyong mahal na Anac hangang sa catapusan nang mundo; at cami,i, patnubayan mong lahat sa aming pag-lalacbay sa cabilang buhay hangan sa mapanood ca namin sa langit. Siya nauâ.

ICAANIM NA ARAO.

PAGNINILAY.—Si Guinoong Santa María, sa caniyang pagca-Iná nang Dios, ay siya nama, i, Apóstola, at pang-ulo sa lahat nang mangã Apóstoles, cayâ Reyna nang mangã Apóstoles ang tauag sa caniya nang Santa Iglesia. Ang pagca-Apóstolang ito ay guinauâ ni María sa Filipinas, sapagca, t, sa pamamaguitan nang caniyang mahal na larauan ay ibinalità niya sa mangã taga rito ang totoong Dios; at hindî lamang hindî niya inaring alanġán sa caniyang camahalan ang maquisama sa mangã hindî binyagan na sumasambá sa mangã ídolo, cundî bagcús iquinaliligaya niya ang paquiquipisan sa canila, sa pamamaguitan nang caniyang mahal na larauan at tinatangap niyang mairog ang mangã pagsamba at panintang inihahandog sa caniya at ipinahahayag niyong mangã abáng tagalog, cahi, t, hindî mangã bininya-

gan, na inacalà niyang ipatnugot sa daan nang catotohanan nang maquilala nilá ang totoong Dios.

PANALANĜIN.

Purihin ca,t, pasalamatan, Inang caibig-ibig, sapagcát icao ang totoong mulâ nang aming cagalingan. Cundî Icao, ang mundo disin ay nalulubog pa hangan ngayon sa dagat nang capahamacan; at cundî Icao, ang sangcapuluang Filipinas ay nananatili pa sana sa cahapishapis na calagayan, dahilan sa dî pagsambá sa totoong Dios. ¡Oh marilág na Apóstola! ipinagbabanság namin sa lahat na Icao ang sa ami,i, nagpaquilala cay Jesús sa pamamaguitan nang iyong mahal na larauan, at nagturò sa amin nang pag-layô sa vicio at pag-ibig sa cabanalang asal. ¡Ah mahal na Señora! huag mo pong ipahintulot na ang Filipinas na inaampon mo, ay suminsáy cailan man sa daang itinurò mo sa caniya, na icatutuclás nang totoong capalaran; copcopin

mo pong parati, nang dí marayáan nang mangá alagád ni Satanás na nagsasábog sa mundo nang mangá heregía at iba pang áral na masasamá, at nagtuturò nang sarisaring vicio ¡Oh María! ¡Oh Marilag na Maestra! ¡Oh maningning na Patnugot! huag mo pong pabayáan ang Filipinas cailán man. Siya nauâ.

ICAPITONG ARAO.

PAGNINILAY.—Tantóng daquilà at ualang macatulad ang cabanalan nang casantosantosang Virgen na ang lahat na nagcapalad na nacaúsap niya, ay nag-aalab sa pag-ibig sa Dios, cun mangá banal; at cun macasalan, ay nagbabalic loob sa Dios ó cun dili, ay hindí man lamang nangangáhás na gumauâ nang casalan sa Dios sa caniyang harapán. Sa bagay na ito, i, na-pagquiquilala ang daquilang cabanalan nang caniyang caloloua na ualang carungis-

dunġis, at pinatitician niya sa caniyang mangã nacacaúsap ang mata-mis na bunġa nang auà nang Dios. Ang matatamis na bunġang ito ay naticman din naman nang mangã taga rito sa Filipinas, na cahit, hindi pa mangã binyagan ay pinagecalooban na ni María nang caniyang mahal na larauan, at tuloy pinagpalà niya, nang sila,i, mahangô sa canilang cahambal-hambal na calagayan, at malagay sa gracia nang Dios.

PANALANĠIN.

¡Oh Virgeng ualang macatulad! gaanong pagpupuri, panininta at pasasalamat ang dapat naming gauin sa iyo, pacundangan sa madlâ mong auà sa amin. Icao po,i, pauang pag-sinta at catamisan sa mangã caaua-awang Anac ni Adan, sapagca,t, sa camay mo nagdaraan ang tanang biyayang ipinagcacaloob nang Dios; at sapagca,t, Icao pô ang namamahagui nang gracia nang Dios, ay ganóng gracia ang ipagcacaít nang

maauain mong pusò na dí marunong humabag sa canino mang sa iyo,i, napaaauà? Sa iyo cautangán nang mangá taga rito sa Filipinas ang magandang capalaran na canilang quinamtan dahil sa canilang pagsamba sa iyo, sa iyong mahal na larauan. Ang larauang ito ang siyang naca-hahalína sa amin nang madláng auà nang Dios na aming nararanasan touina, at nagpapaala-ala sa amin nang pagsinta mo,t, pag-ibig sa aming lahat; at parang isang salaming sacdal linis na quinaquiquitaan namin nang iyong mangá cabanalang asal, nang hangáan namin at tularang parati. ¡Oh María! Icao pô ang maguing Patnugot namin touina, uliran at taga pag-ampon; at baga ma,t, cami,i, mangá macasalanan, ay ipatúloy mo rin ang pagtatanquíllic mo sa amin, at huag mo pong ilayô sa amin cailan man ang iyong masintahing pusò. Huag mo pong ipahintulot na dumating ang arao na ualâ nang macaquilala sa iyo dito sa Filipinas, at hangang mairoong isa man lamang sa

manġa taga rito na sumásambit nang catamistamisan mong pangalan joh María! ipaquilala mo pô sa amin na icao ang aming Ina, ang aming pintacasi, ang aming sacdalan at ma-sintahing Patnugot. Siya nauâ.

ICAUALONG ARAO.

PAGNINILAY.—Ang unang himalang hayág na guinauâ ni Jesús ay ang paguiguing alac nang tubig sa boda sa Caná; ang himaláng ito,i, guinauâ niya sa pagsunod sa cahilingan nang caniyang mahal na Ina. Sa paraang ito,i, ipinaquilala sa atin ni Jesús na si María ay Ina nang gracia at taga pamaguitan sa Dios at sa tauo. Ang una sa manġa biyayang ipinagcaloob nang Dios sa sangcapuluang ito ay sanhi rin sa pamaguitan ni Maríang Ina nang auâ. Ang biyayang ito,i, ang pagcaquilala sa Dios na totoo na siyang daang ipagtátamo nang tunay na capala-

ran, at si María,t, dili iba, sa pama-
maguitan nang caniyang mahal na
larauan, ang siyang iquinaquilala na-
tin sa Dios na totoo, at sa pagsam-
bang sa caniya,i, nararapat.

PANALANĜIN.

Oh maauaing Señora na nagcaca-
mit sa amin nang madlang biyaya,t,
auà nang Dios, dapat ca pong puri-
hin at pasalamatan touina. Ipag-
bunyî ca nang lahat nang tauo at
nang manĝa taga rito sa Filipinas,
lalong lalò na, sapagca,t, sa iyo
nila cautangãan ang dilang cagali-
nĝan na canilang tinátamo sa pag-
cãpasacanila nang iyong mahal na
larauan, na ang pamagat ay de Guía,
sanláng caaya-aya nang iyong pag-
ibig. At sapagca po,t, ang pagca-
caloob mo sa amin nang larauang ito
ay siya namang naguing mulâ nang
pagcacaloob sa amin nang Dios nang
caniyang auang dî mabilang; ipatuloy
mo pò, Inang masintahin, ang pagpa-
palà mo sa amin. Ang dî namin pag-

ganti,t, pagquilala sa iyo nang amin manġa cautangān, ay huag nauang macahadlang sa pagcacalingā mo sa amin, cundi bagcus cami ay caauaan mo at iyong gamotin ang saquít na ito nang aming caloloua. Inibig mo pô nang una pá ang manġa taga rito, ay ibiguin mo pô sila hangan sa catapusan. Ititig mo pô ang iyong manġa mata sa iyong mahal na lara-uan, diyán sa sanlâ nang iyong pag-ibig at mahabág ca sa amin. ¡Oh catamistamisang Ina! hangan sa mapanood ca namin sa langít, ay patnugutan mo pô cami touina. Siya nauâ.

ICASIAM NA ARAO.

PAGNINILAY.—Ang tanáng biyang tinangáp nang mundo sa ating mahal na Señora ay napipisan sa isá na siyáng pang-ulo at una sa lahat. Ito,i, ang pagbibigáy sa atin nang caniyang casantosantosang Anac na

si Jesús. Ipinaglihí niya,t, ipinanġa-
nác ang Anac nang Dios, na sa pag-
ca-tauro ay totoong Anac niya upáng
mapacagalíng ang boong mundo.
Magmulâ na nang siya,i, maguing
Ina ni Jesús, ay siya,i, náyag na
na ang caniyang mahal na Anac ay
magcasáquit at mamatáy sa pagtubos
sa lahat nang tauro. Ngayo,i, anó pa
ang maipagecaait sa atin nitong ca-
ibig-ibig na Ina? Purihin natin siyang
parati, at lalong lald na sa pagcaca-
loob niya sa atin nang caniyang ma-
hal na larauan at nang totoong pana-
nampalataya. ¡Oh sanláng tantong
mahalagá nang pagsintá ni María!
Ang pananampalataya cay Jesús ay
siyang nagbucás sa amin nang pin-
tuan nang langit na sa ami,i, pinag-
hahatdán nang mahal na larauan ni
María, na pumapatnugot sa amin na
parang maloningning na bituin.

PANALANGIN.

Oh lubháng mapagbiyayang Seño-
ra, ang pusò co,i, nalulupaypáy at

ualâ acong matutuhang gauin sa pagpapahayag sa iyo nang aqing pagquilala nang di mabilang na biyaya na ipinagcaloob sa mundo nang maauain mong pusò. Sinásamba co sa lihim ang pagsinta mong Ina sa aming lahat, at nagpupúri aco sa Dios na nagcaloob sa amin nang isang Inang lubhang macapangyarihan, marunong at caibig-ibig. Pagdalitaan mo pong tangapin, Mahal na Señora, ang pagsambá, panininta, pagpupuri, at pagpapasalámat namin sa iyo pacundangán sa di mabilang na biyaya na ipinagcacaloob mo sa amin, lalong lalò na, sa ipinagcaloob mo sa sangcapuloang Filipinas. Ang sangcapuloang ito ay iyó, at mangá alipin mo ang lahat na dito, i, tumatahan; cayâ huag mo pong ipahintulot, joh María! na sila, i, mahiualay sa iyo. Inġatan mo pô silá touina, talian mo silá nang tanicalâ nang pagsinta sa iyo. Huag mo pong ipahintulot, mahal na Señora, na cami, i, tumallicod cay Jesús at sa iyo cailan man; at cun sa caramihan nang aming mangá casa-

lanan, ay mangyaring mabauásan ang auà mo sa amin, ilingap mo pô ang iyong mangã matá sa iyong mahal na larauan, diyán sa sanlá nang pag-ibig mo sa amin, at alalahanin mo pô ang madláng biyáyang ipinagca-loob mo sa amin nang una, at ipatuloy mo pô ang pagpapalà mo sa aming lahat. At yayamang inibig mo na icao ay maguin Ina namin, maguing Maestra, Patnugot at taga pagampon, copcopin mo pô cami, joh Mariang catamistamisan! at iligtas mo cami sa poot nang Dios, ipagtangol mo pô cami sa mangã caauay nang aming caloloua, at cami ipatnugot mo sa lalauigang tahimic sa langit. Siya naua.

PAUNAUÀ:—Pagcatapús nang pagninilay at panalanging na-uucol sa baua,t, isang arao nang pagnouvena, ay hihingín sa loob ang tanging gracia na ninanásang cantan nang gumagauà nang novena, sa pamamaguitan nang mahal na Virgen, at sacá darasalin ang tatlong *Aba Guinoong Maria* at tatlong *Gloria Patri*; at isusunod ang mangã dalit at panalangin na siyang catapusan nang novena.

Ang novenang ito,i, magagauà sa cailan mang

*

panahon; ngunit, lalong nababagay ang pasimulan sa 16 nang Diciembre, nang matapus sa 24, sapagkat, sa 18, 19 at 20 nang Diciembre, ginigauâ ang fiesta nang Nuestra Señora de Guía, sa Sagrario nang Santa Iglesia Catedral dito sa Maynila.



